Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING ISANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-15 NG MARSO, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
3.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
4.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
5.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
6.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
7.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
8.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

Mga Di-Dumalo:

1.	Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
2.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Kagawad
3.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

KAPASIYAHAN BLG. 54-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Dia)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG-BAYAN ROBERTO R. GONZALES NA LUMAGDA SA ISANG "MEMORANDUM OF AGREEMENT" KASAMA ANG NATIONAL FOOD AUTHORITY PARA SA PRIBELEHIYONG PAGBILI NG BIGAS NG UTANG SA PAGKAKATAONG MAYROONG MGA SAKUNA.

YAYAMANG, ang National Food Authority ay nagbibili ng bigas na utang sa mga pamahalaang panglokal upang kagya't na maipamigay at maipamahagi sa mga nasalantang pamilya sa panahon ng kalamidad at sakuna na napakalaking tulong sa mga bayang dadanas ng mga nabanggit na kalamidad;

YAYAMANG, upang mapagkalooban ng karapatan sa pribelehiyong ito ay nararapat na lumagda ang Punong-bayan sa isang Kasulatan ng Pagkakasundo upang katawanin ang pamahalaang bayan;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagbibigay pahintulot sa Punong-bayan Roberto R. gonzales na lumagda sa isang "Memorandum of Agreement" kasama ang National Food Authority para sa pribelehiyong pagbili ng bigas ng utang sa pagkakataong mayroong mga sakuna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-11 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-15 ng Marso, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang kalihim